



Student/Registration Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--

2002 PUBLIC EXAMINATION

Filipino

Continuers Level

Section 2: Reading and Responding (30 marks)

Instructions to Students

1. Allow about 1 hour and 15 minutes for Section 2.
2. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).

Part A

20 marks

Attempt Questions 8–9

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately*
-

8. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

Mahal kong Tatay,

Ipagpapatawad po ninyo ang ginawa kong pagsagot sa inyo kahapon sa telepono. Hindi po ibig sabihin nito na ako’y nawawalan ng paggalang sa inyo. Ibig ko lamang pong ipaliwanag sa inyo na ang nais ko po talagang maging trabaho ay may kinalaman sa “computer” at hindi pagdodoktor na siya ninyong nais para sa akin.

Itay, magmula pa po ng maliit ako ay sinunod ko na ang mga nais ninyo. Ngayon pong malaki na ako sana po ay bigyan ninyo naman ako ng layang mamili ng propesyon na hilig ko. Sa akin pong mga nababasa at nakikita halos lahat ng mga industriya ay ginagamitan na ng teknolohiya, pati na rin po ang mga doktor ngayon ay gumagamit rin ng kompyuter. Huwag po kayong mag-alala maraming oportunidad ang hinaharap sa kursong ito. At ipinapangako ko po sa inyo na hindi ko kayo bibiguin sa mga pangarap ninyo sa akin na umasenso sa buhay tulad ninyo.

Alam ko na mauunawaan ninyo ang aking kalagayan gaya ng pag-unawa ninyo kay Ate noong siya ay nagkaroon ng problema. Mula’t mula naman ay palaging handa ang ating pamilya na makinig sa bawa’t isa.

Sana po ay matanggap ninyo ang desisyon kong ito.

Lubos na nagmamahal,

Jeffrey

Question 8 continues on page 3

Question 8 (continued)

- (a) What is Jeffrey's main purpose in writing this letter? **1**
- (A) To apologise for his disrespectful behaviour
 - (B) To seek advice
 - (C) To explain the relevance of his chosen course
 - (D) To apologise for his career choice

- (b) According to Jeffrey, how do computers impact on other fields of employment? **2**
-
-
-
-
-

- (c) What kind of family background does Jeffrey have? **2**
-
-
-
-
-

- (d) How does this letter reflect traditional Filipino family values? **3**
-
-
-
-
-
-
-
-
-
-

End of Question 8

9. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

Philippine Balita
Lunes, Agosto 20, 2002

**“Pamumuhay sa dalawang kultura”
ni Monica Buenaflor**

Isang daan at limampung kabataang Pilipino-Australyano sa buong Australya ay nag-daos ng tatlong araw na kampo nuong ika 16–18 ng Agosto, 2002.

Sila ay dumalo sa iba’t ibang sesyon na tumalakay sa kanilang mga alalahanin. Ang isa sa malaking isyu na napag-usapan ay ang pag-akma sa ibang kultura. Dahil nanggaling sa ibang sistemang lubhang kakaiba sa kultura ng Australya, karamihan sa kanila ay nanibago. Samantalang may pagkakapareho sa pamumuhay, ang kanilang ikinababahalang ay ang paggamit ng sariling wika at takot na mawala ang mga katangiang Pilipino habang sila ay unti-unting nakaka-akma sa ibang kultura.

Tungkol sa kanilang problema ukol sa pagkakakilanlan, ang iba ay nagsasabing sila ay Pilipino, samantalang ang iba naman ay nagsasabing sila ay Australyano. Ang karamihan ay nagsasabing sila ay Pilipino-Australyano, depende sa kanilang sitwasyon, ang inaasahan sa kanila ng komunidad, ang pagsang ayon sa dalawang kultura, at ang karanasan sa pang-aapi sa kanilang lahi.

Gayun pa man, ayon sa mga kabataan, madiing sinasabi ng kanilang mga magulang na “ikaw ay lalaging Pilipino kahit nasaan ka man”.

Dumarating ang oras ng pagrerebelde sa mga kabataan. Iniisip nila na kaya na nilang mag desisyon para sa sarili nila, tulad ng pakikipag relasyon sa mga kaibigan, nobyo at nobya at mga miyembro ng pamilya. Kung minsan sila ay nabibigyan ng masamang impluwensya ng kanilang mga kaibigan ng nagtuturo sa kanilang uminom ng alak, manigarilyo at gumamit ng mga ipinagbabawal na gamot, na kadalasan ay nauuwi sa pagtigil sa pag-aaral at tuluyang mapasama sa mga gang.

Ang ugali at paniniwala ng mga magulang na kailangang maitaguyod ng mga kabataan ang kahalagahan ng pagbubuklod ng pamilya, paggalang sa matatanda at isaisip ang moralidad ay nagiging hamon sa kanila. Hindi kaila sa mga kabataan na kung minsan ang pakikitungo nila sa kanilang mga magulang na nagbibigay sa kanila ng tiwala, pag-unawa, kalayaan at panahong pansarili ay kadalasang sumasalungat sa katungkulan ng magulang na magdulot ng pagmamahal, pag-aaruga, at pagdisiplina sa kanilang mga anak.

Ang kabataang Pilipino ay may karagdagang bigat pa rin na umakma sa kakaibang sistema ng edukasyon dito. Tunay na maraming larong pampalakasan sa Australya nguni’t iginigiit pa rin ng mga magulang na gawing seryoso sa pag-aaral dahil ito lamang ang pinakamalaking mana na maiidudulot sa kanila.

Sa kabila ng lahat ng ito, ang mga kabataang Pilipino-Australyan ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng karapatan, dignidad, at pagkakakilanlan ng bawat kultura na kung saan ang lahat ay nagtutulong-tulong para sa lalong ikabubuti ng pamayanang ito.

Question 9 continues on page 5

Question 9 (continued)

- (a) Where would you most likely read the article? **1**
- (A) In a pamphlet
 - (B) In a newspaper
 - (C) In a textbook
 - (D) In an advertisement

- (b) Describe TWO problems faced by Filipino youth in adjusting to another culture. **2**
-
-
-
-
-
-

Question 9 continues on page 6

Question 9 (continued)

- (c) Comment on the significance of the career choice of the children to Filipino parents.

5

.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....

Question 9 continues on page 7

Question 9 (continued)

- (d) Compare and contrast the attitudes and beliefs of Filipino–Australian youths with those of their parents in relation to establishing their personal identities.

4

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

End of Question 9

Part B

10 marks

Attempt Question 10

When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:

- *understand general and specific aspects of texts by identifying, analysing, and responding to information*
 - *convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type)*
-

10. Read the text and then answer in FILIPINO the question that follows.

Lakbay Aral Program

Ang Lakbay Aral ay isang taunang programa para sa mga estudyante na itinataguyod ng Komisyon ng mga Pilipino sa ibang Bansa. Ang layunin nito ay upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataang Pilipino sa ibang bansa na dumalaw sa Pilipinas nang madagdagan ang kanilang kaalaman tungkol sa kanilang lahi at kultura.

Ang Lakbay Aral ay tumatagal ng dalawang linggo. Ang mga kasali ay ipinapasyal sa mga magagandang tanawin at mga makasaysayang lugar sa Luzon, Visayas at Mindanao, at inilalahok sa mga tradisyunal na pagdiriwang. Dumadalo sila sa mga panayam tungkol sa kasaysayan, kultura at wika ng Pilipinas. Nakakikilala at nakikihalo sila sa mga Pilipinong estudyante, mga pinuno ng komunidad, mga opisyal ng pamahalaan at mga katutubong komunidad.

Ito ang programa para sa taong ito:

1. Lakbay Aral sa Luzon sa ika-lima hanggang ika-labing walo ng Hunyo.
2. Lakbay Aral sa Visayas sa ika – sampu, hanggang ika-dalawampu’t-tatlo ng Hulyo.
3. Lakbay Aral sa Mindanao sa ika-pito hanggang ika-dalawampu’t isa ng Agosto.

Kailangang magkaroon ng di-kukulangin sa labing-lima ang kasali sa programa. Ang bayad ay \$1200, \$1700 at \$1400 alinsunod sa pagkakabanggit, at kasama na dito ang halaga ng paglalakbay, pagkain, tirahan, pagpapasyal at seguro na pang-medisina.

Ang mga interesadong estudyante ay kinakailangang magpadala ng sulat ng pag-aaplay na kasama ang detalyeng pansarili sa:

Komisyon ng mga Pilipino sa ibang Bansa

Kagawaran ng Suliraning Panlabas

Rizal Park, Manila.

Para sa karagdagang impormasyon makipag-alam kay Binibining Mila Trinidad, Tagapamahala ng Lakbay Aral, sa(632) 853 3265 o sa kanyang e-mail: cfodfa@info.com.ph

You have recently returned from the Philippines where you participated in the ‘Lakbay Aral’ Program. In 150–200 words, write the text of the talk that you will give to your classmates in which you explain the benefits of the program.

Kabalik mo mula sa Pilipinas na kung saan ka sumali sa programang Lakbay Aral. Sa 150–200 na salita, isulat ang nilalaman ng talumpati mo sa iyong mga kamag-aral na nagpapaliwanag ng mga pakinabang na iyong natamo sa programang ito.

You may make notes in this space.

Do not remove this page from the question booklet.

Student/Registration Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Filipino Continuers Level

Centre Number

--	--	--	--	--

Question 10

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

Please turn over

BLANK PAGE

BLANK PAGE